




DISCOVER
— ITS BEAUTY —

Part 3

ANG ABAKADA NG ISLAM

DR. NAJI IBRAHIM



Ang ABaKaDa Ng Islam

Itinuro sa atin ng Islam na ang daan tungo sa masaya at walang hanggang buhay ay sa pamamagitan ng paniniwala at pagbigkas sa testimonyang ito:

“Ako’y sumasaksi na walang sinumang diyos na dapat sambahin maliban kay Allah, at ako’y sumasaksi na si Muhammad ay Sugo ni Allah.”



Gayunman, ang Islam ay nagsasabi sa atin na ang paniniwala sa Nag-iisang Diyos at sa Kanyang mga Propeta ay hindi sapat upang makamtan ang kapanatagan ng isip, kaligayahan at kaligtasan! Kailangan nating sundin ang kagustuhan ni Allah sa pamamagitan ng pagsamba sa Kanya lamang at pagsunod sa Kanyang mga kautusan.

Ang pagsuko sa kagustuhan ng Diyos ang tunay na mensahe ng Islam. Pagpapatotoo sa tunay na kahulugan nito at pagsuko sa Kanya at ang gantimpalang nakalaan para sa mga nananampalataya at gumagawa ng mga mabubuti. Binanggit ni Allah sa Qur-an:

“Katotohanan, sila na sumampalataya (sa kaisahan ni Allah) at gumawa ng mga mabubuti ay magkakaroon ng Halamanan ng Al-Firdaus (Paraiso) bilang isang pananahanan.” (18:107)



Ang Pagsuko sa Qur'an at Bibliya!

Katulad nito'y winika sa Bibliya na si Santiago ay nagsabi: "Kaya nga, pasakop kayo sa Diyos." (Santiago 4:7)

Bilang karagdagan, naiulat sa Bibliya:

"Kung paanong ang katawang walang espiritu ay patay, gayundin ang pananampalataya na walang mga gawa." (Santiago 2:26)

Samakatuwid, ang mga Muslim ang tunay na tagasunod ni Hesus at ng mga Propeta. Ang ibig-sabihin ng salitang Muslim ay taong sumusuko sa kagustuhan ng Nag-iisang tunay na Diyos.

Ang mga Muslim ay nananampalataya kay Allah (ang Nag-iisang tunay na Diyos) at gumagawa ng mga mabubuti. Kanilang sinusunod ang mga kautusan na ipinarating ni Hesus at ng ibang mga Propeta, at ng kanilang mga gawain tulad ng pagdarasal, papagpapatirapa, pagyuko sa Nag-iisang tunay na Diyos, pag-aayuno, pagbibigay ng abuloy, pagsasabi ng: "kung nanaisin ni Allah (In sha Allah)," at paggamit sa pagbati ni Hesus at ng ibang mga Propeta na: "Sumainyo ang kapayapaan (Assalamu alaykum)."

Ilan lamang ito sa mga halimbawa ng katibayan na malinaw na tumutukoy sa katotohanan, kaisahan at pangkalahatan ng napakagandang relihiyon na ito ng lahat ng mga Propeta: Islam.

Ang taong Muslim o taong nais na mag-Muslim ay kailangan niyang maniwala sa anim na haligi ng pananampalataya.

الله



ANG ANIM NA HALIGI NG PANANAMPALATAYA

1. Paniniwala kay Allah (Ang Nag-isang Tunay na Diyos), na Siya ay umiiral, sa Kanyang pagiging Isa (Tawhid), sa Kanyang pagiging Panginoon, sa Kanyang mga natatanging mga pangalan at mga katangian, na Siya lamang ang nararapat na sambahin.

Ang mga sinabi ng Maluwalhating Qur'an at ni Propeta Muhammad ay nagturo sa atin tungkol sa mga pangalan at katangian ni Allah, ang Nag-iisang Tunay na Diyos. Hindi natin kailanman maiintindihan ang kadakilaan ni Allah, subalit habang mas lalo nating nalalaman ang tungkol sa Kanya, mas lalong magiging mainam ang pagmamahal at pagsamba natin sa Kanya. Ang mga sumusunod ay iilan lamang sa mga pangalan at katangian ni Allah:

Allah (ang wastong pangalan ng Diyos), Ang Panginoon, Ang Nag-iisang Tunay na Diyos, Ang Mahabagin, Ang Maawain, Ang Tagapaglikha, Ang Kataas-taasang Panginoon, Ang Banal, Ang Dalisay, Ang Pinagpala, Ang Pinagmumulan ng Kapayapaan at Pagiging Perpekto, Ang Hukom, Ang Ganap na Nakakaalam sa Lahat, Ang Ganap na Nakakakita sa Lahat, Ang Ganap na Nakakarinig sa Lahat, Ang Pinakadakila, Ang Ganap na Mapagpatawad sa lahat, Ang Kataas-taasan, Ang Pinakamapagmahal, Ang Pinakamabait, Ang Tagapagbigay, Ang Katotohanan, at Ang Matiisin.

Sinabi ni Propeta Muhammad ﷺ "Ang ganap na mga katangian ng kagandahan at pagiging perpekto ay pag-aari ng Allah. Sa katunayan, mahal ni Allah ang kagandahan."



ANG ANIM NA HALIGI NG PANANAMPALATAYA

2. Paniniwala sa Kanyang mga Anghel, na nilikha ni Allah upang sambahin lamang Siya, at sundin ang Kanyang mga kautusan.

3. Paniniwala sa Kanyang mga Kapahayagan (Aklat) kabilang na ang orihinal na inihayag kay Moises at kay Hesus (hindi ang mga nabago at napalitan). Ang Qur'an ang siyang kahuli-hulihan, dalisay, at tunay na Salita ng Diyos, na ipinadala kay Propeta Muhammad.

4. Paniniwala sa Kanyang mga Sugo at Propeta, kabilang sina Adan, Noah, Abraham, Moises, Juan Bautista, Hesus at Muhammad (sumakanila nawa ang kapayapaan). Sa katunayan, ang isang Muslim ay hindi tunay na mananampalataya hangga't hindi siya naniniwala kay Moises at Hesus bilang mga Propeta na isinugo ng Nag-iisang Tunay na Diyos (Allah), ang Tagapaglikha.

5. Paniniwala sa Huling Araw, ang Araw ng Paghuhukom. Ang lahat ng tao ay hahatulan ni Allah alinsunod sa kanilang pananampalataya at mga kilos. Pagkatapos ng paghuhukom na ito, sino ang mga mapupunta sa masaya, walang hanggang buhay sa Paraiso, at sino ang itatapon sa Impiyerno?



ANG ANIM NA HALIGI NG PANANAMPALATAYA

6. Paniniwala sa Tadhana na ipinasya ni Allah at ang Kanyang ganap na kaalaman sa lahat ng bagay.

Dahil ang mga mananampalataya ay nagtitiwala sa Allah, sila ay nasisiyahan, kontento, at nananalig sa anumang pagpapasya ng Allah para sa kanila, nakikita man nila ito bilang mabuti o masama. Sinusubukan nilang huwag mawalan ng pag-asa o malumbay, o manghina kapag dumating ang mga pagsubok o paghihirap. Sa halip, ginagawa nila ang lahat upang mapagbuti ang kanilang sitwasyon ngunit sa huli ay bumabaling sila kay Allah para sa paghingi ng tulong, suporta at gantimpala.

Ang magandang pananampalatayang ito kay Allah at sa Kanyang mga ipinasya ay nagdudulot ng kapayapaan ng isip at kasiyahan sa mga Muslim, sa kabila ng lahat ng agresyon, pagsalakay, pagsakop at pagsasamantala sa kanilang mga lupa, langis at kayamanan na nagaganap sa mundo ngayon, at kahit may mga kawalang-katarungan, pagkiling, diskriminasyon, at paninirang puri na kanilang dinaranas.

Ito ang mga haligi ng pananampalataya sa Islam na kailangang paniwalaan ng tunay na mananampalataya.



ANG LIMANG HALIGI NG ISLAM

Bilang karagdagan sa anim na haligi ng pananampalataya, ang Islam ay nagtuturo sa atin na ating isagawa ang pananampalatayang ito. Kailangang isagawa ng isang Muslim ang limang haligi na ito ng Islam pati na rin ang lahat ng mga mabubuting gawain bilang pangkahalatan.

1. Shahadah (Pagsasaksi):

“Ako’y sumasaksi na walang sinumang Diyos na dapat sambahin maliban kay Allah, at ako’y sumasaksi na si Muhammad ay sugo ni Allah.”

Sa wikang Arabik ay ganito:



Na binibigkas ng ganito:

“ASH-HADU ALLA ILAHA ILLALLAH, WA ASH-HADU ANNA MUHAMMADAR RASULULLAH.”

Ito ang testimonyang dapat banggitin ng sinumang yayakap sa Islam. Nagpapahiwatig ito ng kagandahan at kapayakan ng Islam.





ANG LIMANG HALIGI NG ISLAM

2. Salah (Pagdarasal):

Pagsasagawa ng limang beses na obligadong pagdarasal. Pagsasagawa ng limang araw-araw, sapilitan na mga panalangin. Kasama sa mga ritwal na dasal na ito ang pagtayo, pagyuko, at pagpapatirapa; pagbigkas ng mga bahagi ng Qur'an; pagpupuri at paggunita kay Allah at paghinggi sa Kanya ng habag, kapatawaran at ang Kanyang Paraiso.

Ang kagandahan at kabutihan ng pagdarasal ay dinadagdagan nito ang ating ispiritwal na lakas, kaginhawaan ng pag-iisip, at suporta, pati na rin ang kapanatagan, katahimikan, at kasiyahan ng ating kaluluwa, isipan, at puso. Ang paraan ng pagsasagawa ng pagdarasal sa buong araw at gabi ay nangangahulugang palagi tayong pinapaalalahanan ng Diyos (Allah).

Kabilang pa sa kagandahan ng pagdarasal ay ang katotohanan na ang mga isinugo ni Allah tulad nina Adan, Noah, Abraham, Moises, Hesus at Muhammad ay nagdasal at nagpatirapa sa Nag-iisang Tunay na Diyos na si Allah. Sa madaling salita, ang mga Muslim ay sumusunod sa mga yapak ng mga dakilang isinugo ng Diyos.



ANG LIMANG HALIGI NG ISLAM

Bukod dito, marami pang ibang magagandang konsepto, tulad ng pag-ibig sa Diyos, pagpapasakop at pagsuko sa Kanya, pagsusumamo, pagkakaisa, pagkakapantay-pantay, katapatan, pagpapasensya, kababaang-loob, at kahinahunan ay nakikita at natututunan sa pagdarasal. Sa katunayan, ang taos-pusong pagdarasal, Dhikr (paggunita kay Allah), Istighfar (paghingi ng kapatawaran), at Dua (pagsusumamo) sa Allah lamang, ay malalim at kamangha-manghang mga susi sa kapanatagan ng isip, katiwasayan, at mga pagpapala.

3. Zakah (Obligadong Kawang-gawa):

Ang obligadong pagbibigay ng isang tiyak na halaga ng yaman ng isang tao sa mga mahihirap at nangangailangan. Nililinis ng Zakah ang ating mga pag-aari at pera, habang sabay na nililinis tayo mula sa kasakiman at kadamutan. Itinuturo nito ang pagmamalasakit at pagbibigayan, na siyang nagbubuo ng matibay na pagmamahalan at paggalang sa pagitan ng mga mayayaman at mahihirap. Sa katunayan, pinagyayaman nito ang suporta, tulong, kooperasyon, at pakikiisa sa buong lipunan.



ANG LIMANG HALIGI NG ISLAM


4. Sawm (Pag-aayuno):

Ang Sawm (pag-aayuno) ay nangangahulugang pag-iwas sa lahat ng pagkain at inumin, at pakikipagtalik sa asawa, mula sa pagbukang-liwayway hanggang sa paglubog ng araw sa buong buwan ng Ramadan. Ang ilan sa mga magagandang pakinabang at aral na nakukuha sa pag-aayuno ay:

- Mga benepisyong ispiritwal: Pinapaunlad nito ang 'taqwa' (takot kay Allah) at ang pagkamatapat. Ang buwan ng Ramadhan ang pinakamainam na panahon para makamit ang pagpapala ng Diyos, kapatawaran, kaligtasan mula sa Impiyerno at makuha ang walang hanggang buhay sa Paraiso.
- Mga benepisyong moral at emosyonal: Sa buwan ng Ramadhan, matututunan at mararanasan natin ang gutom na nararanasan ng milyun-milyong katao sa iba't ibang bahagi ng mundo, nang hindi nila kinukusa. Nagtuturo ito upang tayo'y magbigay, makiramay, magpakumbaba at maging mabuti.



- Mga benepisyong Pangkarunungan: Ang pag-aayuno ay nagtuturo sa atin ng maraming aralin; halimbawa, nakikita natin na posible na baguhin o iwanan ang mga di-mabuting nakasanayan natin tulad ng labis na pagkain. Dinidisciplina ng pag-aayuno ang ating pag-uugali at sinasanay tayong maging matimpi at mapagpigil. Bukod dito, pinapaalala nito sa atin na ang mga propeta ng Diyos, tulad nina Muhammad, Moises at Hesus ay nagsipag-ayuno din.
- Mga benepisyong Pangkalusugan: Sa pamamagitan ng proseso pag-aayuno, ang katawan ay nakakaiwas mula sa mga lason at labis na taba. Ang mga manggagamot at mga nutrisyonista ay nagtatagubilin ng pag-aayuno at inilarawan nila ito bilang ‘rubbish-burner’ at ‘curative therapy’ at ito ay inindorso bilang isang lunas para sa iba't ibang mga sakit.



ANG LIMANG HALIGI NG ISLAM

5. Hajj

Ang Hajj ay ang paglalakbay sa banal na lugar ng Makkah na kailangang isagawa ng bawat Muslim ng isang beses sa kanyang buhay, sa kondisyong siya ay may kakayahang pisikal, mental at pinansyal.

Tulad ng iba pang mga haligi at doktrina ng Islam, ang mga kagandahan, aral, at pakinabang ng Hajj ay marami. Milyun-milyong mga mananampalataya mula sa iba't ibang mga kulay at lahi, mula sa buong Mundo, ang tumutugon sa panawagan ni Propeta Abraham, na (kasama ng kanyang asawang si Hagar at anak na si Ishmael) ay naiugnay sa mga ritwal ng Hajj. Ang mga kamangha-manghang alituntunin at konsepto ay makikita sa pagkilos sa panahon ng Hajj, kabilang ang: pagsuko at pagsunod sa Allah, kapatiran sa Islam, pagkakaisa, pagtitimpi, pagsasakripisyo, pagdarasal, kawang-gawa, at pag-aayuno. Ang taunang Hajj ay nagsasaksi at nagtatampok ng pinakamalaki at pinaka-natatanging uri ng relihiyosong pagtitipon sa buong mundo.

Sa panahon ng kamangha-manghang tagpong ito ng iba't ibang lahi at kulay, lahat ay naglilingkod lamang sa nag-iisang Diyos at sumusunod sa iisang mensahe lamang, natuklasan ni Malcolm X at iba pa ang kagandahan ng totoong pananampalataya, kapatiran sa Islam, at pagkakapantay-pantay.



“Pinalawak ng Hajj ang saklaw ng aking isip. Biniyayaan ako nito ng bagong pananaw. Sa loob ng dalawang linggo sa Banal na Lupa, nakita ko ang hindi ko kailanman nakita sa Amerika sa loob ng tatlumpu’t siyam na taon. Nakita ko ang iba’t ibang lahi, iba’t ibang kulay – mula sa asul ang mata hanggang sa mga maiitim na Aprikano – sa kanilang tunay na kapatiran! May pagkakaisa! Nabubuhay ng iisa! At sumasamba ng iisa!” (Ang Talambuhay ni Malcolm X).



Mga Talasalitaang Islamiko

ALLAH: Ang Pangalan ng Nag-iisa at Tunay na Diyos, ang Tagapaglikha. Ang Islam ay nagtuturo na si Allah ang Siyang Tunay na Diyos sa lahat ng sangkatauhan at nilalang. Ang mga Hudyong Arabo at Kristiyanong Arabo ay kanilang ginamit ang pangalan na ito sa pagtawag sa Diyos, at siya ring pangalan na ginamit sa mga Bibliya sa wikang Arabik.

MUHAMMAD: Ang huling Sugo ng Nag-iisa at Tunay na Diyos na si Allah, ipinadala si Muhammad (nawa'y mapasakanya ang kapayapaan at pagpapala ni Allah) para sa buong sangkatauhan.

QUR'AN: Ang huling Aklat ng Nag-iisa at Tunay na Diyos na si Allah na ipinahayag kay Propeta Muhammad.

ISLAM: Ang ibig-sabihin nito'y pagsunod at pagtalima sa kagustuhan ng Nag-iisa at Tunay na Diyos na si Allah.

MUSLIM: Ang siyang tagasunod sa mga kagustuhan ng Nag-iisa at Tunay na Diyos na si Allah, na Siyang Tagapaglikha.



Interesado ka ba?

Kung ikaw ay interesado at nais mong matuklasan ang marami pang kaalaman at detalye patungkol sa Islam ay pumasok lamang sa aming website:

www.discoveritsbeauty.com

Maaring mo ring ipadala ang iyong katanungan o kuro kuro sa:

info@discoveritsbeauty.com

MGA KAPAKI- PAKINABANG NA ISLAMIC WEBSITES:

<https://allahsquran.com>

<http://www.quranexplorer.com>

<http://www.islamhouse.com>

<http://www.edialogue.org>

<http://www.islamreligion.com>

<http://www.newmuslimguide.com>

SERYE NG PAGTUKLAS SA KAGANDAHAN NG ISLAM SA LOOB NG PITONG MINUTO:

1. Tuktok lamang ng bundok ng yelo
2. Ang Relihiyon nina Adan at Eba
3. Ang Abakada ng Islam
4. Pagsagot sa Mapanuring Katanungan ng Sangkatauhan
5. Ang Kanyang mga Magagandang Pangalan
6. Ang Huling Pahayag
7. Ang Huling Sugo

DISCOVER

— ITS BEAUTY —

WWW.DISCOVERITSBEAUTY.COM



Scan It

GLOBAL ACADEMY FOR TRANSLATION AND EDUCATION (GATE)
LONDON | THE UNITED KINGDOM

كتاب أبجديات الاسلام باللغة الفلبينية